



Ang daloy ng diwa: Pagsusuri sa lapat ng partikulo sa salin ng aklat na Samtoy sa Ilokano patungong Filipino

Marisol R. Comendador
Polytechnic University of the Philippines- Graduate School, Manila, Philippines
Corresponding Author email: comendadormarisol01@gmail.com

Received: 06 April 2026

Revised: 09 May 2026

Accepted: 11 May 2026

Available Online: 13 May 2026

Volume 1 (2026), Issue 2, P-ISSN – 3116-4463; E-ISSN - 3116-4471

<https://doi.org/10.63498/pdpf4>

Abstrak

Layunin: Sinusuri ng pag-aaral na ito ang pagsasalin ng mga partikulong Ilokano tungo sa Filipino batay sa mga salin ni Ariel S. Tabag sa *Samtoy: Dagiti Sarita Mi Ditoy, Ang Aming Mga Kuwento*. Tinutukoy nito ang mga estratehiyang ginamit at ang mga konsiderasyong lingguwistiko, pragmatiko, at kultural na nakaapekto sa paglilipat ng kahulugan.

Metodolohiya: Gumamit ang pananaliksik ng mixed method design na binubuo ng kuwantitatibo ng pagsusuri ng token frequency gamit ang AntConc at kuwalitatibong tekstuwal at diskursibong pagsusuri upang matukoy ang mga estratehiya at implikasyon ng pagsasalin.

Resulta: Natukoy ang apat na pangunahing estratehiya: direktang salin, paglalaktaw, pagpapalit, at pag-aangkop. Lumitaw na ang pagpili ng estratehiya ay nakabatay sa tungkulin ng partikulo sa konteksto at may implikasyon sa emosyonal na tono, retorikal na diin, at interpersonal na kahulugan. Gayunpaman, may mga pagkakataong nagdulot ito ng pagkawala ng rehiyonal na identidad at kultural na elemento.

Konklusyon: Ipinapakita ng pag-aaral na ang pagsasalin ng partikulo ay isang pragmatiko at diskursibong proseso na lampas sa literal na pagtutumbas. Nag-aambag ito sa pag-aaral sa pagsasalin sa Filipino sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa papel ng partikulo sa kahulugan at diskurso, at nagmumungkahi ng pagbuo ng korpus at gabay sa pagsasalin para sa mga wikang rehiyonal sa Pilipinas.

Mga Susing Salita: *Ilokano, Filipino, partikulo, estratehiya sa pagsasalin, pragmatika*


INTRODUKSYON

Ang wika ay hindi lamang kasangkapan ng komunikasyon kundi isang pangunahing daluyan ng kultura, pananaw, at identidad ng isang lipunan. Sa perspektibang lingguwistiko, itinuturing ang wika bilang isang sistemang semiotiko na hindi lamang naglilipat ng impormasyon kundi nagtatatag din ng ugnayan sa pagitan ng tagapagsalita at tagapakinig sa loob ng isang tiyak na kontekstong panlipunan (Martin & Quiroz, 2021). Sa ganitong pananaw, nagiging mahalagang larangan ng pag-aaral ang wika hindi lamang sa estruktura nito kundi pati sa gamit nito sa aktuwal na diskurso at interaksyon.

Sa konteksto ng Pilipinas bilang isang multilingguwal na bansa na binubuo ng mahigit 170 wika (Bosque, 2024), nagiging mahalaga ang pagsasalin bilang mekanismo ng pag-uugnay ng mga wika at kultura. Higit pa rito, nagsisilbi itong instrumento sa pagpapalawak ng diskursong Filipino at sa paglinang ng ugnayan sa pagitan ng mga rehiyonal na wika at ng pambansang wika. Sa mga kontemporaryong pag-aaral, binibigyang-diin na ang pagsasalin ay hindi lamang teknikal na proseso kundi isang gawaing lingguwistiko at kultural na nakapaloob sa konteksto ng kapangyarihan, identidad, at representasyon (Moratto & Bacolod, 2023).

Sa larangan ng pagsasalin, isa sa mga hamon na hindi gaanong nabibigyang-tuon ay ang pagsasalin ng mga partikulo. Ang mga partikulo ay maliit na yunit panggramatika ngunit may malaking papel sa pagpapahayag ng tono, diin, emosyon, at pragmatikong kahulugan ng pahayag. Kinikilala ng mga bagong pananaliksik na ang partikulo ay mahalagang elemento sa paghubog ng intensyon, relasyon, at kontekstong panlipunan sa komunikasyon ng mga wika sa Pilipinas (Rañosa-Madrugno, 2022).

Sa wikang Ilokano, ang mga partikulo tulad ng *met*, *ngamin*, at *payay* nagtataglay ng mga tiyak na tungkuling semantiko at pragmatiko na lubhang nakabatay sa konteksto (Reid & Rubino, 2002). Dahil dito, nagiging hamon ang kanilang pagsasalin sa Filipino, lalo na kung isasaalang-alang ang pagkakaiba sa estruktura, gamit, at diskursibong tradisyon ng dalawang wika. Ipinapakita sa mga kontemporaryong pag-aaral na ang partikulo ay naglalaman ng mga



nuance at kultural na kahulugan na hindi laging naipapasa sa literal na pagsasalin, kaya't nangangailangan ito ng mas masusing estratehiyang lingguwistiko at pragmatiko (Galdonez, 2022).

Sa pandaigdigang diskurso sa pagsasalin, matagal nang binibigyang-diin na ang pagsasalin ay hindi mekanikal na pagtutumbas ng salita kundi isang masalimuot na proseso ng interpretasyon at negosasyon ng kahulugan (Munday et al., 2022). Gayunpaman, sa konteksto ng mga rehiyonal na wika sa Pilipinas, nananatiling limitado ang pag-aaral na nakatuon sa pagsasalin ng mga partikulong lingguwistiko, partikular mula sa Ilokano tungo sa Filipino. Higit na kapansin-pansin ang kakulangan sa mga pag-aaral na sumusuri sa ugnayan ng estratehiya ng pagsasalin, pagbabagong morpoponemiko, at pragmatiko-semanticong epekto ng mga partikulo sa aktwal na tekstong pampanitikan.

Bilang tugon sa puwang na ito, sinuri sa pag-aaral na ito ang pagsasalin ng mga partikulong Ilokano sa Filipino batay sa mga salin ni Ariel S. Tabag sa *Samtoy: Dagiti Sarita Mi Ditoy, Ang Aming Mga Kuwento* (2011). Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga estratehiyang ginagamit sa pagsasalin at sa epekto nito sa kahulugan, tono, at daloy ng diskurso, layunin ng pag-aaral na makapagbigay ng mas malalim na pag-unawa sa ugnayan ng wika, kultura, at pagsasalin sa antas ng partikulo.

Sa ganitong paraan, nag-aambag ang pananaliksik na ito sa larangan ng pag-aaral sa pagsasalin sa Filipino sa pamamagitan ng pagbibigay ng empirikal at diskursibong pagsusuri sa isang madalas na hindi napagtutuunan ng pansin na yunit panggramatika. Higit pa rito, nagsisilbi itong ambag sa patuloy na intelektuwalisasyon ng wikang Filipino bilang wikang pambansa alinsunod sa itinatadhana ng 1987 Saligang Batas, Artikulo XIV, Seksiyon 6.

Rebyu ng Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Ang Papel ng Partikulo sa Estructura ng Wika

Ang partikulo ay kinikilalang mahalagang yunit ng wika sa Ilokano at Filipino na nagsisilbing pragmatikong pananda ng kahulugan, emosyon, at intensyon sa diskurso. Ipinapakita sa mga pag-aaral na ang mga partikulo ay may mahalagang tungkulin sa pagpapahayag ng kahulugan at saloobin sa aktwal na komunikasyon (Sippola, 2021). Sa mas malawak na konteksto, itinuturing ang mga partikulo bilang mahalagang elemento sa pagbuo ng intensyon at interpretasyon ng pahayag sa loob ng diskurso.

Dagdag pa rito, binibigyang-diin na ang partikulo ay nagtataglay ng kontekstuwal at kultural na kahulugan na kritikal sa multilinggwal na interaksyon at pagsasalin, gayundin sa kontemporaryong paggamit nito bilang *pragmatic markers* sa Philippine English (Moratto & Bacolod, 2023). Ipinahihiwatig nito na ang partikulo ay hindi lamang estruktural na bahagi ng wika kundi isang mahalagang sangkap sa diskursibong pagbuo ng kahulugan at relasyong panlipunan.

Pagsasalang Pampanitikan: Salin sa Wikang Filipino ng mga Panitikang Ilokano

Ang pagsasalang pampanitikan ay itinuturing na isang malikhaing proseso na lumalampas sa literal na pagtutumbas ng mga salita, sapagkat layunin nitong mapanatili ang estetika, diwa, at kontekstong kultural ng orihinal na akda. Bagaman may mga naunang pag-aaral na nagbibigay-diin sa estilong pampanitikan at bisang estetiko (hal. Coroza, 2016; Landers, 2001), ang mga ito ay nagsisilbing teoretikal na pundasyon sa pag-unawa sa kalikasan ng pagsasalang pampanitikan.


Sa mga makabagong pag-aaral, pinatutunayan na ang pagsasalin ay hindi lamang paglilipat ng wika kundi paglilipat ng kaisipan, damdamin, at kulturang nakapaloob sa akda (Bautista & Sibayan-Sarmiento, 2023). Kaugnay nito, binibigyang-diin ang papel ng mga estratehiya sa pagpapanatili ng kahulugan at epekto ng teksto, lalo na sa mas sensitibong elementong tulad ng partikulo.

Sa ganitong perspektiba, ang pagsasalang pampanitikan ay nangangailangan hindi lamang ng kasanayang lingguwistiko kundi pati ng mataas na antas ng kultural at pragmatikong pag-unawa.

Pagsasalin ng Partikulo at ang Pagpapanatili ng Kahulugan

Ang pagsasalin ng partikulo ay isang komplikadong proseso na nangangailangan ng masusing pag-unawa sa konteksto, sapagkat hindi sapat ang literal na salin upang mapanatili ang kahulugan, emosyon, at intensyon ng pahayag. Ipinapakita sa mga pag-aaral na ang partikulo ay nagtataglay ng mga nuance at kultural na kahulugan na kadalasang nawawala sa tuwirang pagsasalin, kaya't kinakailangan ang paggamit ng diskursibo at malikhaing estratehiya (Nagaya, 2023).

Dagdag pa rito, binibigyang-diin nina Nomoto at McCready (2023) na ang partikulo ay isang mahalagang pragmatikong elemento na humuhubog sa tono, relasyon, at intensyon sa diskurso. Dahil dito, ang angkop na



pagsasalin ng partikulo ay kritikal upang mapanatili ang bisa ng kahulugan at ang pragmatikong epekto nito sa target na wika.

Mga Pagbabagong Morpoponemiko at Epekto Nito sa Pagsasalin

Ang morpoponemikong pagbabago ay tumutukoy sa pag-aangkop ng anyo at tunog ng salita sa target na wika, na may direktang implikasyon sa estruktura at kahulugan ng isinasaling teksto. Ipinapakita sa mga kontemporaryong pag-aaral na ang mga prosesong tulad ng asimilasyon, pagpapalit ng ponema, at elisyon ay ginagamit upang mapanatili ang natural na daloy ng wika at angkop na estilong diskursibo sa salin (Ulit, 2024).

Gayunpaman, binibigyang-diin ni Casalan (2025) na ang hindi angkop na pag-aangkop ay maaaring magdulot ng pagbabago sa intensyon at kahulugan ng pahayag. Sa kabilang banda, itinuturing na ang morpoponemikong pagbabago bilang manipestasyon ng dinamismo ng wika na nakatutulong sa epektibong pagsasalin sa multilingguwal na konteksto.

Pagsasalin Bilang Pagpapanatili ng Kulturang Wika

Higit pa sa teknikal na proseso, ang pagsasalin ay isang mahalagang gawaing kultural na naglalayong mapanatili at maipasa ang identidad at karanasan ng isang pamayanan. Sa kontekstong ito, ang partikulo ay nagsisilbing tagapagdala ng kultural na kahulugan at diskursibong identidad ng mga tagapagsalita.

Ipinapakita sa mga pag-aaral na ang partikulo ay malalim na nakaugnay sa karanasan at identidad ng mga gumagamit ng wika, kaya't kinakailangan ang kultural na sensibilidad sa pagsasalin nito (Bautista & Sibayan-Sarmiento, 2023). Dagdag pa rito, binibigyang-diin nina Nomoto at McCreedy (2023) na ang partikulo ay nagpapahayag ng kolektibong emosyon at karanasan, na ginagawang isang anyo ng kultural na negosasyon ang pagsasalin.

Ipinapakita ng mga naunang at kontemporaryong pag-aaral na ang partikulo ay may mahalagang papel sa pagbuo ng kahulugan, emosyon, at intensyon sa diskurso, partikular sa konteksto ng Ilokano at Filipino. Gayunpaman, bagaman kinikilala ang kahalagahan nito, nananatiling limitado ang mga pag-aaral na sistematikong sumusuri sa ugnayan ng partikulo, estratehiya ng pagsasalin, at mga pagbabagong morpoponemiko sa aktwal na tekstong pampanitikan.

Tinutugunan ng kasalukuyang pag-aaral ang puwang na ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga estratehiya ng pagsasalin ng partikulo mula Ilokano patungong Filipino, kasama ang pagsusuri sa mga pagbabagong morpoponemiko at ang implikasyon nito sa kahulugan ng teksto. Sa ganitong paraan, nag-aambag ang pag-aaral sa pagpapalawak ng diskurso sa pagsasaling Filipino bilang isang lingguwistiko at kultural na gawain sa kontekstong multilingguwal.

Teoretikal na Balangkas

Ang pag-aaral na ito sa pagsasalin ng partikulo mula Ilokano patungo sa Filipino ay nakaangkla sa pinagsamang pananaw ng Functionalist, Cultural, at Pragmatic na mga teorya sa pagsasalin upang maipaliwanag kung paano nabubuo, nababago, at napapanatili ang kahulugan sa konteksto ng wika at kultura. Sa pamamagitan ng integrasyong ito, sinusuri ang pagsasalin hindi lamang bilang lingguwistikong proseso kundi bilang isang diskursibo at kultural na gawain.

Sentral sa pag-aaral ang Functionalist Translation Theory ni Nord (Lehoux-Jobin, 2019) na nagbibigay-diin sa layunin (skopos) ng pagsasalin at sa target na mambabasa bilang batayan ng mga desisyong pagsasalin. Sa balangkas na ito, ang pagsasalin ng partikulo ay inuunawa bilang isang prosesong nakatuon sa pagpapanatili ng bisa ng mensahe sa target na wika, kahit pa nangangailangan ito ng pag-aangkop, paglalaktaw, o pagbabago sa estruktura. Mahalaga ito sa konteksto ng Ilokano at Filipino, kung saan ang ilang partikulo ay walang tuwirang katumbas at nangangailangan ng diskursibong rekonstruksiyon.

Kaugnay nito, ginagamit ang Cultural Translation Theory ni Bassnett (2014) upang ipaliwanag na ang pagsasalin ay hindi lamang paglilipat ng anyong lingguwistiko kundi pati ng mga kultural na kahulugan na nakapaloob sa teksto. Sa ganitong pananaw, ang mga partikulo ay itinuturing na tagapagdala ng kultural na konteksto at identidad, kaya't ang kanilang pagsasalin ay nagsasangkot ng pagpili kung pananatilihin, babaguhin, o iaangkop ang anyo batay sa pagkakaiba ng kulturang Ilokano at Filipino.

Samantala, pinapalalim ng Pragmatic Translation Theory (Gutt, 2014) ang pag-unawa sa papel ng konteksto sa interpretasyon ng kahulugan. Ipinapakita ng teoryang ito na ang kahulugan ng partikulo ay nakabatay sa sitwasyong komunikatibo at sa intensyon ng tagapagsalita, kaya't ang pagsasalin nito ay nangangailangan ng pagsasaalang-alang



sa implikatura at diskursibong tungkulin. Sa ganitong paraan, naipapaliwanag kung bakit nagkakaroon ng pagbabago o paglalaktaw sa pagsasalin ng ilang partikulo.

Sa kabuuan, ang pinagsamang paggamit ng mga teoryang ito ay nagbibigay ng komprehensibong lente sa pagsusuri ng pagsasalin ng partikulo—bilang isang proseso na sabay na lingguwistiko, pragmatiko, at kultural. Sa pamamagitan nito, natutukoy kung paano naapektuhan ng mga estratehiya ng pagsasalin ang kahulugan, tono, at intensyon ng teksto sa paglilipat mula Ilokano patungong sa Filipino.

Balangkas Konseptwal

Ang balangkas konseptwal ng pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng pagsasalin ng mga partikulong Ilokano patungong Filipino bilang isang dinamikong proseso ng pagbuo ng kahulugan sa loob ng diskurso. Nakabatay ito sa integrasyon ng Functionalist Translation Theory, Cultural Translation Theory, at Pragmatic Translation Theory, na nagsisilbing lente sa pagsusuri ng ugnayan ng wika, kultura, at konteksto sa pagsasalin.

Sa balangkas na ito, itinuturing ang mga partikulong Ilokano bilang pangunahing input ng pag-aaral. Ang mga ito ay sinusuri batay sa kanilang gamit sa diskurso (hal. pagbibigay-diin, pag-uugnay, pag-aalinlangan, atbp.) at sa kanilang pragmatiko at semantikong tungkulin sa orihinal na teksto.


Ang mga partikulong ito ay dumaraan sa proseso ng pagsasalin, kung saan ginagamit ang iba't ibang estratehiya tulad ng direktang salin, pag-aangkop, pagpapalit, at paglalaktaw. Ang pagpili ng estratehiya ay naiimpluwensiyahan ng layunin ng teksto (Functionalist), kontekstong kultural (Cultural), at sitwasyong diskursibo (Pragmatic).

Sa prosesong ito, nagkakaroon ng pagbabagong lingguwistiko, kabilang ang morpoponemikong pagbabago, na maaaring makaapekto sa anyo at tunog ng partikulo sa target na wika. Ang mga pagbabagong ito ay may direktang implikasyon sa pragmatiko at semantikong kahulugan ng salin.

Bilang output, sinusuri ang epekto ng mga estratehiya ng pagsasalin sa: (1) kahulugan (semantic meaning) (2) tono at diin (pragmatic effect) (3) daloy ng diskurso

Sa kabuuan, ipinapakita ng balangkas na ang pagsasalin ng partikulo ay hindi lamang teknikal na proseso kundi isang interaktibong ugnayan ng estratehiya, konteksto, at kahulugan, na hinuhubog ng lingguwistikong at kultural na salik.

Figura 1



Paglalahad ng Suliranin

Sa konteksto ng multilinggwal na Pilipinas, ang pagsasalin ay nagsisilbing mahalagang tulay sa pagitan ng iba't ibang wika at kultura, partikular sa larangan ng panitikang rehiyonal. Sa pagsasalin mula Ilokano patungong Filipino, nagiging kritikal ang pag-unawa sa mga elementong lingguwistiko na nagdadala ng kahulugan at diskursibong bisa, gaya ng mga partikulo. Bilang mga pragmatikong pananda, ang mga partikulo ay may mahalagang papel sa pagpapahayag ng intensyon, emosyon, at ugnayan sa diskurso, ngunit kadalasang wala itong tuwirang katumbas sa target na wika.

Bagama't may mga umiiral na pag-aaral hinggil sa pagsasalin at sa gamit ng partikulo, nananatiling limitado ang mga pananaliksik na sumusuri sa pagsasalin ng partikulo mula Ilokano patungong Filipino, lalo na sa konteksto ng



panitikang naisalin. Hindi rin sapat na natatalakay kung paano naapektuhan ng mga estratehiya sa pagsalin ang pragmatiko at semantikong kahulugan ng partikulo, kabilang ang mga pagbabagong nagaganap sa anyo at gamit nito sa target na wika.

Samakatuwid, ang pangunahing suliraning tinutugunan ng pag-aaral na ito ay kung paano isinasalin ang mga partikulong Ilokano sa Filipino at kung paano naapektuhan ng mga estratehiyang ginamit ang kahulugan, tono, at diskursibong bisa ng salin. Sa partikular, sinusuri ang mga salin ni Ariel S. Tabag sa *Samtoy: Dagiti Sarita Mi Ditoy, Ang Aming Mga Kuwento* (2011) upang makapagbigay ng mas malalim na pag-unawa sa ugnayan ng wika, kultura, at diskurso sa pagsasalang Filipino.

Layunin ng Pananaliksik

Pangkalahatang Layunin

Layunin ng pag-aaral na suriin ang pagsalin ng mga partikulo mula Ilokano patungong Filipino sa mga piling maikling kuwentong isinalin ni Ariel S. Tabag, at matukoy ang implikasyon ng mga estratehiyang ginamit sa kahulugan ng salin.

Tiyak na mga Layunin

Nilalayan ng pananaliksik na:

1. Tukuyin ang mga estratehiya sa pagsalin ng mga partikulo mula Ilokano patungong Filipino.
2. Suriin ang mga salik na isinasaalang-alang sa pagsalin ng partikulo batay sa kanilang tungkuling diskursibo.
3. Ilarawan ang epekto ng mga estratehiyang ito sa pragmatiko at semantikong kahulugan ng mga partikulo sa salin.

Mga Katanungan sa Pananaliksik

1. Gaano kadalas ginagamit ang mga estratehiya sa pagsalin ng mga partikulo mula Ilokano patungong Filipino sa mga piling salin ni Ariel S. Tabag?
2. Ano-ano ang mga salik na isinasaalang-alang sa pagsalin ng mga partikulo batay sa kanilang tungkuling diskursibo, tulad ng:
 - o pagbibigay-diin
 - o pag-aalinlangan
 - o pagtatanong
 - o pagdaragdag
 - o pag-uugnay
 - o pagtangi
 - o limitasyon
 - o pag-uulat ng hindi direktang pahayag
3. Paano naapektuhan ng mga estratehiya sa pagsalin ang pragmatiko at semantikong kahulugan ng mga partikulo sa salin?

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumagamit ng mixed methods research design, partikular ng *convergent mixed methods design*, upang masuri ang pagsalin ng partikulo mula Ilokano patungong Filipino sa parehong kuwalitatibo at kuwantitatibong perspektiba. Sa ganitong disenyo, sabay na kinokolekta at sinusuri ang kuwantitatibo at kuwalitatibong datos, at pagkatapos ay pinagsasama ang mga resulta upang makabuo ng isang integratibong interpretasyon ng penomenon ng pagsalin (Creswell & Clark, 2023).

Sa kuwantitatibong bahagi, isinagawa ang token frequency analysis gamit ang AntConc upang matukoy ang dalas ng paglitaw ng mga partikulo sa korpus ng teksto. Nagsilbi itong batayan sa pagpili ng mga partikulong susuriin, lalo na yaong may mataas na frequency at may potensyal na diskursibong kabuluhan.

Samantala, sa kuwalitatibong bahagi, isinagawa ang masusing tekstuwal at diskursibong pagsusuri sa konteksto ng paggamit ng mga partikulo, ang mga estratehiya sa pagsalin, at ang pragmatiko at semantikong epekto nito sa salin. Kabilang dito ang komparatibong pagsusuri ng orihinal na tekstong Ilokano at ang salin nito sa Filipino upang matukoy ang mga pattern ng pagpapanatili, pagbabago, o paglalaktaw ng partikulo.



Sa yugto ng integrasyon ng datos, pinagsama ang mga natuklasan mula sa frequency analysis at diskursibong pagsusuri upang maipaliwanag kung paano nakaapekto ang dalas ng paggamit ng partikulo sa pagpili ng estratehiya ng pagsasalin at sa pagbubuo ng kahulugan sa target na wika.

Sa kabuuan, ang convergent mixed methods design ay nagbigay-daan sa isang sistematiko at komprehensibong pagsusuri ng partikulo—hindi lamang batay sa dalas ng paggamit nito kundi pati sa papel nito sa pagbubuo ng kahulugan, tono, at daloy ng diskurso sa pagsasalin.

Pinagmulan ng Datos

Ang pag-aaral na ito ay isang text-based research na gumagamit ng korpus ng mga tekstong pampanitikan bilang pangunahing pinagmumulan ng datos sa halip na tradisyunal na kalahok.

Binubuo ang korpus ng dalawang (2) piling maikling kuwentong Ilokano, "*Bannuar*" at "*Voice Tape*," at ang kanilang salin sa Filipino mula sa aklat ni Ariel S. Tabag na *Samtoy: Dagiti Sarita Mi Dito, Ang Aming Mga Kuwento* (2011). Mula sa mga tekstong ito, nakabuo ng dataset na binubuo ng 160 partikulo, na siyang naging batayan ng pagsusuri.

Ginamit ang purposive sampling upang piliin ang mga tekstong isasama sa pag-aaral batay sa mga sumusunod na pamantayan: (1) may orihinal na bersyong Ilokano at salin sa Filipino; (2) naglalaman ng sapat na bilang ng partikulo para sa masusing pagsusuri; (3) isinalin ng iisang tagasalin upang matiyak ang konsistensi ng estilong pagsasalin; at (4) may malinaw na kontekstong diskursibo na angkop sa pragmatiko at semantikong pagsusuri.

Bilang bahagi ng proseso ng pagsusuri, isinagawa ang token frequency analysis gamit ang AntConc, isang corpus analysis tool na ginagamit upang tukuyin ang dalas ng paglitaw ng mga salita o yunit ng wika sa isang teksto. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang AntConc upang matukoy ang mga partikulong may mataas na frequency sa korpus, na nagsilbing batayan sa pagpili ng mga halimbawa para sa mas malalim na pagsusuri.

Bilang karagdagang pagpapatibay ng interpretasyon, kumonsulta ang mananaliksik sa isang (1) informant-validator na isang katutubong tagapagsalita ng Ilokano at kasalukuyang guro ng Filipino at English sa pampublikong sekundaryang paaralan. Ang informant-validator ay may karanasan sa pagtuturo ng wika at nagsilbing tagapagpatunay sa wastong pag-unawa sa gamit, kahulugan, at kontekstong diskursibo ng mga partikulo sa Ilokano at Filipino.

Mga Ginamit na Instrumento sa Pananaliksik

Gumamit ang pananaliksik na ito ng mga instrumentong nakatuon sa sistematikong pagsusuri ng partikulo sa pagsasalin mula Ilokano patungong Filipino.

Pangunahing instrumento ang korpus ng mga tekstong pampanitikan na binubuo ng mga piling maikling kuwento mula sa aklat *Samtoy: Dagiti Sarita Mi Dito, Ang Aming Mga Kuwento* ni Ariel S. Tabag, kabilang ang orihinal na bersyong Ilokano at ang salin nito sa Filipino. Pinili ang mga tekstong ito batay sa mataas na dalas ng paglitaw ng partikulo sa tulong ng AntConc, isang corpus analysis software na ginamit upang matukoy ang *token frequency* at kolokasyon ng mga partikulo.

Bilang pantulong sa pagsusuri, gumamit ang mananaliksik ng isang coding table sa Microsoft Excel na nagsilbing pangunahing instrumento sa pag-oorganisa at pagsusuri ng datos. Ang coding table ay isang researcher-developed instrument na inangkop batay sa layunin ng pag-aaral at sa mga umiiral na balangkas sa pagsusuri ng pagsasalin.

Nilalaman ng coding table ang mga sumusunod na categoryang analitikal: Ilokanong partikulo, Katumbas na anyo sa Filipino, Uri at tungkulin sa diskurso, Konteksto ng pangungusap (orihinal at salin), Estratehiya sa pagsasalin (direktang salin, pag-aangkop, pagpapalit, paglalaktaw), Pragmatiko at semantikong epekto, Pagbabagong morpoponemiko, Teoretikal na lente

Upang matiyak ang bisa at pagiging mapagkakatiwalaan ng coding scheme, isinailalim ang coding table sa validation sa pamamagitan ng expert checking mula sa isang informant-validator na katutubong tagapagsalita ng Ilokano at may sapat na kaalaman sa wika at pagsasalin. Sinuri ng validator ang kaangkupan ng mga categorya, ang konsistensi ng pag-uuri, at ang interpretasyon ng mga partikulo sa konteksto. Ang mga mungkahi at puna ng validator ay isinama sa rebisyon ng coding framework upang mapabuti ang katumpakan at pagiging angkop nito sa layunin ng pag-aaral.

Gumamit din ng kaukulang consent form upang matiyak ang pagsunod sa etikal na pamantayan ng pananaliksik. Sa kabuuan, ang mga instrumentong ito ay sistematikong binuo at inangkop upang matiyak ang kalinawan, kaayusan, at pagiging angkop sa pagsusuri ng datos.



Pagkalap ng Datos

Ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa pamamagitan ng desk-based textual analysis mula Nobyembre 2024 hanggang Enero 2025 kung saan sistematikong inipon at sinuri ang mga tekstong kabilang sa korpus. Isinagawa ang buong proseso sa isang digital na kapaligiran gamit ang mga kompyuter at software na sumusuporta sa pagsusuri ng teksto.

Gumamit ang pag-aaral na ito ng iba't ibang instrumentong angkop sa pagsusuri ng pagsasalin ng partikulo mula Ilokano patungong Filipino. Pangunahing instrumento ang korpus ng mga teksto na binubuo ng mga piling maikling kuwento mula sa aklat ni Ariel S. Tabag na *Samtoy: Dagiti Sarita Mi Ditoy, Ang Aming Mga Kuwento*, kabilang ang orihinal na bersyong Ilokano at ang salin nito sa Filipino. Pinili ang mga tekstong ito batay sa mataas na dalas ng paglitaw ng mga partikulo sa tulong ng AntConc.

Ginamit ang AntConc bilang isang computational tool upang matukoy ang token frequency at kolokasyon ng mga partikulo, na nagsilbing batayan sa sistematikong pagpili at pagsusuri ng mga datos. Para sa organisasyon at pagsusuri ng datos, bumuo ang mananaliksik ng isang coding table sa Microsoft Excel. Ang talahanayang ito ay naglalaman ng mga sumusunod na kategorya: Ilokano partikulo, uri at tungkulin nito, konteksto ng pangungusap sa Ilokano at Filipino, katumbas na partikulo sa salin, at ang estratehiyang ginamit sa pagsasalin tulad ng direktang salin, pagpapalit, pag-aangkop, at paglalaktaw. Kalakip din nito ang lingguwistikong pagsusuri at paglalapat ng mga kaugnay na teorya upang higit na maipaliwanag ang pagbabago o pagpapanatili ng kahulugan.

Bilang bahagi ng etikal na konsiderasyon at pagpapatibay ng interpretasyon, gumamit din ng consent form at validated table para sa isang informant-validator na katutubong tagapagsalita ng Ilokano. Ang mga instrumentong ito ay sinuri at inayos bago gamitin upang matiyak ang kalinawan, kaayusan, at pagiging angkop sa layunin ng pananaliksik.

Pagsusuri ng Datos

Ang pagsusuri ng datos sa pag-aaral na ito ay isinagawa sa pamamagitan ng pinagsamang kuwantitatibo at kuwalitatibong pamamaraan upang masuri ang gamit at pagsasalin ng mga partikulo mula Ilokano patungong Filipino. Unang isinagawa ang pagbuo ng korpus at pamilyarisasyon, kung saan inipon at masusing binasa ang mga piling tekstong Ilokano at ang kaniilang salin sa Filipino mula sa aklat *Samtoy* upang maunawaan ang kontekstong diskursibo ng paggamit ng mga partikulo.

Kasunod nito, ginamit ang AntConc upang matukoy ang dalas (frequency) at kolokasyon ng mga partikulo. Mula rito, napili ang mga partikulong may mataas na paglitaw bilang batayan ng pagsusuri.

Ang mga nakalap na datos ay inorganisa sa isang talahanayan na naglalaman ng partikulo, konteksto sa Ilokano at Filipino, tungkulin sa diskurso, at estratehiya ng pagsasalin (direktang salin, pag-aangkop, pagpapalit, at paglalaktaw). Isinagawa ang open coding upang matukoy ang mga tungkulin ng partikulo batay sa kontekstong diskursibo, na sinundan ng tematikal at komparatibong pagsusuri upang matukoy ang mga pattern ng pagpapanatili, pagbabago, o paglalaktaw sa salin.

Ang mga natuklasan ay binigyang-kahulugan sa pamamagitan ng Functionalist, Cultural, at Pragmatic Translation Theories upang maipaliwanag ang ugnayan ng estratehiya sa pagsasalin at ang epekto nito sa pragmatiko at semantikong kahulugan. Sinuri rin ang mga pagbabagong morpo-nemiko upang matukoy ang implikasyon nito sa anyo at kahulugan ng partikulo sa target na wika.

Upang matiyak ang kredibilidad ng pagsusuri, isinagawa ang validation ng coding at interpretasyon sa pamamagitan ng expert review. Ang mga kategorya at interpretasyon ay sinuri ng isang informant-validator na katutubong tagapagsalita ng Ilokano at guro sa Filipino at English. Ang prosesong ito ay nagsilbing hakbang upang matiyak ang konsistensi at pagiging mapagkakatiwalaan ng pagsusuri.

Sa kabuuan, ang sistematikong prosesong ito ay nagbigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa papel ng partikulo at sa paraan ng paglipat ng kahulugan mula Ilokano patungong Filipino sa kontekstong lingguwistiko at kultural.

Mga Pagsasaalang-alang sa Etika

Sa pananaliksik na ito, mahigpit na isinasaalang-alang ang mga etikal na pamantayan upang matiyak ang integridad at pananagutang akademiko ng pananaliksik. Una, humingi ng pahintulot ang mananaliksik kay G. Ariel S. Tabag upang magamit ang kaniyang mga akdang kabilang sa *Samtoy: Dagiti Sarita Mi Ditoy, Ang Aming Mga Kuwento* (2011), bilang paggalang sa karapatang intelektwal ng may-akda.

Ikalawa, tiniyak na ang lahat ng ginamit na sanggunian ay wastong sinipi at kinilala alinsunod sa pamantayan ng akademikong pagsulat upang maiwasan ang plagyarisim at mapanatili ang kredibilidad ng pag-aaral.



Ikatlo, ang konsultasyon sa isang tagapagpatunay na katutubong tagapagsalita ng Ilokano ay isinagawa batay sa *informed consent*, kung saan malinaw na ipinaliwanag ang layunin at saklaw ng kaniyang partisipasyon. Ang kaniyang papel ay nakatuon lamang sa pagpapatunay ng kategorya, konteksto, at interpretasyon ng mga partikulo sa Ilokano at Filipino.

Ikaapat, ang lahat ng datos na nakalap ay ginamit lamang para sa layunin ng pananaliksik at pinangasiwaan nang may pag-iingat at paggalang sa lingguwistiko at kultural na sensibilidad ng mga tekstong sinuri. Ang mga nakalap na datos at tala ay ligtas na inimbak sa pribadong file ng mananaliksik at hindi ibinahagi sa sinumang hindi kaugnay ng pag-aaral, bilang pagtiyak sa pagiging kompidensiyal ng impormasyon.

Sa kabuuan, ang pag-aaral ay isinagawa alinsunod sa mga etikal na pamantayan upang matiyak ang responsable, makatarungan, at mapagkakatiwalaang pananaliksik sa larangan ng wikang Filipino at pagsasalin.

MGA RESULTA AT TALAKAYAN

Inilalahad sa bahaging ito ang mga resulta at interpretasyon ng datos batay sa mga tanong sa pananaliksik hinggil sa pagsasalin ng mga partikulo mula Ilokano patungong Filipino. Ginamitan ito ng pinagsamang kuwantitatibo at kuwalitatibong pagsusuri upang maipakita hindi lamang ang dalas ng paggamit ng mga estratehiya kundi pati ang implikasyon ng mga ito sa kahulugan, tono, at diskursibong bisa ng salin.

1. Estratehiyang Ginamit sa Pagsasalin

Talahanayan 1

Bilang ng mga Estratehiyang Ginamit sa Pagsasalin ng mga Partikulo mula Ilokano patungong Filipino

Mga Partikulo	direktang-salin	pag-aangkop	paglalaktaw	pagpapalit	Kabuoan	Dominanteng Estratehiya
DI	3	0	4	3	10	Paglalaktaw
KANO	8	0	2	0	10	Direktang-salin
KASLA	6	0	3	1	10	Direktang-salin
KETDI	0	8	8	4	20	Pang-aangkop at Paglalaktaw
LA	8	0	10	2	20	Paglalaktaw
LAENG	7	3	8	2	20	Paglalaktaw
MAN	4	3	3	0	10	Direktang-salin
MET	5	1	8	6	20	Paglalaktaw
PAY	11	2	6	1	20	Direktang-salin
URAY	14	0	5	1	20	Direktang-salin
Kabuoan	66	17	57	20	160	


Batay sa Tanong Blg. 1: Gaano kadalas ginamit ni Ariel S. Tabag ang mga estratehiya ng pagsasalin ng mga partikulo mula Ilokano patungong Filipino? Ipinapakita sa talahanayan na sa kabuuang 160 halimbawa, pinakamadalas ang direktang salin (66), sinundan ng paglalaktaw (57), pagpapalit (20), at pag-aangkop (17). Ipinahihiwatig nito na ginagamit ang direktang salin kapag may malinaw na katumbas sa Filipino, samantalang ginagamit ang paglalaktaw kapag hindi kritikal ang partikulo sa proposisyunal na kahulugan.

Gayunpaman, ang mataas na bilang ng paglalaktaw ay nagpapakita na bagaman maaaring opsyonal ang partikulo sa estruktura, may implikasyon ito sa pragmatika ng pahayag. Samantala, ang paggamit ng pagpapalit at pag-aangkop ay nagpapakita ng interbensyon ng tagasalin upang mapanatili ang diwa at naturalidad ng teksto.

Sa kabuuan, ipinapakita na ang pagsasalin ng partikulo ay hindi lamang leksikal na pagtutumbas kundi pagpapanatili ng tungkuling diskursibo ng mga ito. Ang resultang ito ay direktang tumutugon sa unang tanong sa pananaliksik hinggil sa dalas ng paggamit ng mga estratehiya.

2. Tematikong Pagsusuri Batay sa Uri ng Partikulo

Batay sa Tanong Blg. 2: Ano-ano ang isinaalang-alang ng tagasalin sa paglilipat ng mga partikulo mula Ilokano patungong Filipino, partikular sa mga sumusunod na uri: Partikulo ng Pagbibigay-Diin, Partikulo ng Pag-aalinlangan, Partikulo ng Pagtatanong, Partikulo ng Pagdaragdag, Partikulo ng Pag-uugnay, Partikulo ng Pagtanggig, Partikulo ng



Limitasyon, Partikulo ng Pag-uulat ng Hindi Direktang Pahayag, inuri ang mga partikulo batay sa kanilang tungkulin sa diskurso tulad ng pagbibigay-diin, pagdaragdag, pag-uugnay, pagtatanong, pag-aalinlangan, pagtanggap, limitasyon, at pag-uulat. Ipinakita ng resulta na ang pagsasalin ay higit na nakabatay sa tungkulin ng partikulo sa konteksto kaysa sa literal na katumbas nito.

Halimbawa, ang met ay isinasalin bilang naman, rin, o pa depende sa tungkulin nito; ang uray bilang kahit upang mapanatili ang lohikal na ugnayan; at ang kano bilang daw/raw upang ipakita ang di-tuwirang pahayag. Sa ilang pagkakataon, ginagamit ang paglalaktaw kapag hindi kritikal ang partikulo, na nagdudulot ng bahagyang pagbabago sa tono. Ipinapakita nito na ang kahulugan ay nabubuo sa interaksyon ng anyo, gamit, at konteksto, na sumusuporta sa pananaw sa Filipino bilang diskursibong wika.

Sa implikasyong pedagogikal, maaaring gamitin ang ganitong tematikong pagsusuri sa pagtuturo ng Filipino upang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa diskurso, partikular sa kung paano nakaaapekto ang maliliit na yunit ng wika sa kahulugan at intensyon ng pahayag.

Sa kabuuan, ang resultang ito ay direktang tumutugon sa ikalawang tanong sa pananaliksik hinggil sa mga uri ng partikulo at mga salik na isinasaalang-alang sa kanilang pagsasalin.

3. Pagsusuri sa Impluwensiya ng Lingguwistikong Estratehiya sa Kahulugan ng Salin

Batay sa Tanong Blg. 3: Paano naimpluwensiyahan ng lingguwistikong estratehiya ang kahulugan ng salin sa mga nanatili o nagbagong partikulo? Sinuri ang impluwensiya ng mga lingguwistikong estratehiya sa kahulugan ng salin sa pamamagitan ng tatlong magkakaugnay na dimensiyon: (1) teoretikal na lente, (2) morpoponemikong pagbabago, at (3) pragmatikong epekto ng pagsasalin. Ang bawat talahanayan ay kumakatawan sa iba't ibang antas ng pagsusuri-mula sa konseptuwal na batayan, pormal na pagbabago sa anyo, hanggang sa epekto nito sa diskurso at interpretasyon.

3.1. Pagsusuri batay sa Teoretikal na Lente

Talahanayan 2

Bilang ng Paggamit ng Teoretikal na Lente sa Pagsasalin ng Partikulo

Partikulo	Cultural	Functionalist	Pragmatic	Kabuonan
DI		4	6	10
KANO	1	7	2	10
KASLA	1	5	4	10
KETDI	2	6	12	20
LA		8	12	20
LAENG	1	8	11	20
MAN	1	5	4	10
MET	2	8	10	20
PAY	1	13	6	20
URAY		15	5	20
Kabuonan	9	79	72	160

Ipinapakita sa Talahanayan 2 na nangingibabaw ang functionalist at pragmatic na lente sa pagsasalin ng mga partikulo, habang mas limitado ang paggamit ng cultural na lente. Ipinahihiwatig nito na higit na pinahalalagan ng tagasalin ang pagpapanatili ng tungkulin ng partikulo at ang epekto nito sa mambabasa kaysa sa pagpapanatili ng kultural na anyo nito.

Sa antas ng kahulugan, ang paggamit ng functionalist na lente ay nagreresulta sa pagpapanatili ng diskursibong tungkulin ng partikulo, samantalang ang pragmatikong lente ay nag-aangkop sa epekto nito sa konteksto ng target na wika. Sa kabilang banda, ang cultural na lente ay nagpapakita ng limitadong pagpapanatili ng rehiyonal na identidad, na kadalasang isinasantabi upang maging mas natural ang salin sa Filipino.

Ipinapakita nito na ang kahulugan ng salin ay hindi lamang nakasalalay sa anyo ng salita kundi sa interaksyon ng tungkulin, konteksto, at kultural na implikasyon. Sa perspektibong pedagogikal, mahalagang maipakita ito sa pagtuturo ng Filipino upang maunawaan ng mga mag-aaral na ang pagsasalin ay isang prosesong interpretatibo at hindi lamang literal na paglilipat ng salita.



3.2 Pagsusuri batay sa Morpoponemikong Pagbabago

Talahanayan 3

Detalyadong Pagsusuri ng Morpoponemikong Pagbabago

Uri ng Pagbabago	Mga Halimbawa	Epekto sa Kahulugan
Ponemikong Pagpapalit	ketdi → din, pay → pa	Napanatili ang kahulugan, nabago ang anyo
Asimilasyon	pay → pang	Napanatili ang intensyon, nabago ang tunog
Pagbawas ng Ponema	laeng → lang	Mas kaswal na anyo
Pagdagdag ng Ponema	la → lamang	Pagpapahaba ng salita
Ganap na Pagbabago	ketdi → naman, uray → kahit	Malaking pagbabago sa anyo at tono

Batay sa Talahanayan 3, ang mga morpoponemikong pagbabagong tulad ng ponemikong pagpapalit, asimilasyon, pagbawas at pagdagdag ng ponema, at ganap na pagbabago ay nagsisilbing paraan upang maiangkop ang anyo ng partikulo sa estruktura ng Filipino.

Sa kabila ng mga pagbabagong ito, nananatili ang pangunahing tungkulin ng partikulo, ngunit nagkakaroon ng bahagyang pagbabago sa tono at estilong diskursibo. Ipinapakita nito na ang anyo ng wika ay may direktang impluwensiya sa kung paano naipapahayag ang kahulugan.

Mula sa pananaw ng edukasyon, maaaring gamitin ang ganitong pagsusuri upang ipakita sa mga mag-aaral kung paano nagbabago ang anyo ng salita habang pinananatili ang kahulugan, na mahalaga sa paglinang ng kanilang kasanayan sa pagsusuri ng wika at diskurso.

3.3. Pagsusuri batay sa Pragmatikong Epekto ng Pagsasalin

Talahanayan 4

Pragmatikong Epekto ng Pagsasalin sa Mga Partikulong Ilokano sa Filipino batay sa Korpus

Kategorya	Kabuuang Epekto	Halimbawa
Emosyonal na Tono	Malaking pagkawala ng damdamin	uray → kahit
Retorikal na Diin	Nawala ang karamihan ng diin	ketdi → naman
Interpersonal na Dimensyon	Malaking pagkawala ng personal na koneksyon	man → (naalis o walang salin)
Kultural na Elemento	Halos lahat ng kultural na Elemento ay nawala	laeng → lang
Rehiyonal na Identidad	May malaking pagkawala	kano → daw

Ipinapakita sa Talahanayan 4 na ang pagsasalin ng mga partikulo ay may epekto sa emosyonal na tono, retorikal na diin, interpersonal na ugnayan, at kultural na kulay ng pahayag. Bagaman nananatili ang pangunahing tungkulin ng partikulo, may mga pagbabagong nagaganap sa antas ng damdamin at diskursibong epekto.

Halimbawa, ang ilang partikulo ay nagiging mas neutral sa Filipino, na nagreresulta sa pagbawas ng emosyonal na intensidad, samantalang ang iba ay nagiging mas banayad ang retorikal na diin. May mga pagkakataon ding nababawasan ang interpersonal na lapit ng pahayag dahil sa paglalaktaw ng partikulo.

Ipinapakita nito na ang kahulugan ay hindi lamang nakapaloob sa leksikal na antas kundi sa kung paano ito ginagamit sa diskurso. Sa pagtuturo ng Filipino, mahalagang maisama ang ganitong dimensiyon upang matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan ang ugnayan ng wika, konteksto, at kahulugan sa aktwal na komunikasyon.

Sa kabuuan, malinaw ang ugnayan: estratehiya → pagbabago/pananatili ng anyo → pagbabago sa tono, diin, at interpersonal na kahulugan. Ipinapakita nito na ang pagsasalin ng partikulo ay hindi lamang leksikal na pagtutumbas



kundi isang prosesong nakaaapekto sa diskurso. Sa pedagogikal na pananaw, mahalagang maituro ito upang maunawaan ng mga mag-aaral na ang pagpili ng estratehiya ay may direktang impluwensiya sa kahulugan ng salin.

Ang resultang ito ay direktang tumutugon sa ikatlong tanong sa pananaliksik hinggil sa kung paano naimpluwensiyahan ng lingguwistikong estratehiya ang kahulugan ng salin sa mga nanatili o nagbagong partikulo.

Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, ang pagsasalin ng mga partikulo mula Ilokano patungong Filipino sa mga piling akda ni Ariel S. Tabag ay isang masalimuot na prosesong lingguwistiko at diskursibo na nangangailangan ng sensitibong pag-unawa sa konteksto, tungkulin, at intensyon ng pahayag. Ipinakita ng mga resulta na bagama't may mga pagbabagong nagaganap sa anyo ng partikulo, nananatili ang kanilang pangunahing tungkulin sa diskurso tulad ng pagbibigay-diin, pag-uugnay, at pagpapahayag ng damdamin.

Lumilitaw na ang pagpili ng estratehiya sa pagsasalin ay hindi lamang nakabatay sa leksikal na katumbas kundi sa pangangailangang mapanatili ang naturalidad, linaw, at diskursibong bisa ng teksto. Gayunpaman, ang ilang estratehiya, partikular ang paglalaktaw at pagpapalit, ay nagdudulot ng pagbabago sa pragmatiko at emosyonal na epekto ng pahayag, na nagpapakita ng tensyon sa pagitan ng katapatan sa orihinal na teksto at pagiging angkop sa target na wika.

Sa kabuuan, nag-aambag ang pag-aaral sa larangan ng wikang Filipino at pagsasalin sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa papel ng partikulo bilang mahalagang yunit ng kahulugan sa diskurso. Mahalaga rin ang implikasyon nito sa pagtuturo ng Filipino, lalo na sa pagpapalalim ng pag-unawa sa diskursibong gamit ng wika at sa pagsasanay ng mga mag-aaral sa mas kritikal at kontekstuwalisadong pagbasa at pagsasalin ng mga tekstong pampanitikan.

Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, iminumungkahi ang sumusunod:

Sa larangan ng pagsasalin, maaaring palalimin ng mga tagasalin ang kanilang kaalaman sa diskursibong tungkulin ng partikulo, hindi lamang sa leksikal na katumbas nito, upang mas mapanatili ang pragmatiko at emosyonal na kahulugan ng teksto.

Sa larangan ng edukasyon, maaaring isama ang pagsusuri ng mga partikulo at mga tekstong rehiyonal sa mga kurso sa pagsasalin, panitikan, at wika upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa diskursibo at kultural na pagbasa ng teksto.

Sa larangan ng pananaliksik, maaaring magsagawa ng mas malawak na pag-aaral sa mga partikulo sa iba't ibang wikang rehiyonal sa Pilipinas, kabilang ang paggamit ng korpus at mga digital na kasangkapan upang mapalalim ang pagsusuri sa mga pattern ng pagsasalin at pagbabago ng kahulugan.

Sa larangan ng patakaranang pangwika, maaaring gamitin ang mga natuklasan bilang batayan sa pagbuo ng gabay sa pagsasalin ng mga tekstong rehiyonal upang mapalakas ang preserbasyon ng mga katutubong wika habang pinagyayaman ang Filipino bilang pambansang wika.

Sa kabuuan, maaaring ituring ang pagsasalin bilang isang mahalagang mekanismo sa pagpapanatili ng multilingguwal na identidad ng Pilipinas, kung saan ang bawat katutubong wika ay nagsisilbing mahalagang pinagkukunan ng kahulugan, kultura, at karanasang Pilipino.

MGA SANGGUNIAN

Bassnett, S. (2014). Variations on translation. *A Companion to Translation Studies* (pp. 54–66). John Wiley & Sons. <https://doi.org/10.1002/9781118613504.ch4>

Bautista, N. I., & Sibayan-Sarmiento, A. M. (2023). A concise history of translation in the Philippines: navigating a multilingual archipelago. *Translation Studies in the Philippines* (1st ed., pp. 7–22). Routledge. <https://doi.org/10.4324/9781003405603-2>

Bosque, A. U. (2024). Analisis sa lexical choice ng chatgpt-generated na pagsasalin. *Malay Journal*, 37(1), 8. <https://doi.org/10.59588/2243-7851.1008>

Casalan, M. (2025). Kinaray-a discourse particles: the 38th pacific asia conference on language, information and computation (paclic 38) proceedings. *SSRN Electronic Journal*. <https://doi.org/10.2139/ssrn.5278145>



- Coroza, M. (2016). "Taksil daw ang tagasalin?" Isang pag-unawa sa pagsasalin bilang disiplina. *Katipunan Journal ng mga Pag-aaral Sa Wika Panitikan Sining at Kulturang Filipino*, 1, 29–39. <https://doi.org/10.13185/kat2016.00103>
- Creswell, J. W., & Clark, V. L. P. (2023). Revisiting mixed methods research designs twenty years later. *The Sage Handbook of Mixed Methods Research Design*, (pp. 21–36). Sage Publications. <https://doi.org/10.4135/9781529614572.n6>
- Galdonez, D. P. (2022). Tipon, salin, at suri ng mga kuwentong bayang Iloko. *International Journal of Research Studies in Education*, 11(1), 37-44. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.205>
- Gutt, E. (2014). A relevance-theoretic approach. *Translation And Relevance: Cognition And Context* (2nd ed., pp.24-46). Routledge. <https://doi.org/10.4324/9781315760018>
- Landers, C. E. (2001). Style in translation. In G. Samuelsson-Brown (Ed.), *Literary Translation: A Practical Guide*, (pp. 90–92). Multilingual Matters & Channel View Publications. <https://doi.org/10.2307/jj.30945936.15>
- Lehoux-Jobin, E. (2019). Nord, Christiane (1997/2018) : translating as a purposeful activity: functionalist approaches explained. 2 éd. Routledge, 153. *Meta Journal Des Traducteurs*, 64(2), 565. <https://doi.org/10.7202/1068209ar>
- Martin, J. R., & Quiroz, B. (2021). Functional language typology: Systematic functional linguistic perspectives. *Systemic Functional Linguistics and Translation Studies* (pp. 7–34). Bloomsbury Academic. <https://doi.org/10.5040/9781350091894.ch-001>
- Moratto, R., & Bacolod, M. a. G. (2023). Introduction to translation studies in the Philippines: Navigating a multilingual archipelago. *Translation studies in the Philippines: Navigating a Multilingual Archipelago* (1st ed.). Routledge. <https://doi.org/10.4324/9781003405603-1>
- Munday, J., Pinto, S. R., & Blakesley, J. (2022). Main issues of translation studies. *Introducing Translation Studies: Theories And Applications* (5th ed., pp. 7–24). Routledge. <https://doi.org/10.4324/9780429352461>
- Nagaya, N. (2023). Discourse particles in Tagalog: The case of e. *Discourse Particles in Asian Languages Volume II: Southeast Asia* (1st ed., pp. 37–66). Routledge. <https://doi.org/10.4324/9781351057752-3>
- Nomoto, H., & McCready, E. (2023). *Discourse Particles in Asian Languages Volume II: Southeast Asia* (1st ed.). Routledge. <https://doi.org/10.4324/9781351057752>
- Rañosa-Madrurnio, M. B. (2022). Discourse. *Philippine English: Development, Structure, and Sociology of English in the Philippines* (1st ed., pp. 100–112). Routledge. <https://doi.org/10.4324/9780429427824-10>
- Reid, L. A., & Rubino, C. R. G. (2002). Ilocano dictionary and grammar: Ilocano-English, English-Ilocano. *Oceanic Linguistics*, 41(1), 238. <https://doi.org/10.2307/3623336>
- Sippola, E. (2021). Ilokano-Spanish: Borrowing, code-switching or a mixed language? *New Perspectives on Mixed Languages: From Core to Fringe* (pp. 253–276). De Gruyter Mouton. <https://doi.org/10.1515/9781501511257-009>
- Tabag, A. S. (Ed.). (2011). *Samtoy: Dagiti Saritami Ditoy, Ang Aming Mga Kuwento*. National Commission for Culture and the Arts.



Ulit, C. M. (2024). Ang posibilidad at hangganan ng ekosalin: Isang pagbabalangkas at paglalapat ng nababagong teorya sa larangan ng pagsasalin. *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, 29(2), 121-136.
<https://archium.ateneo.edu/filipino-faculty-pubs/122/>